Ang Pagkuha Ng Tulong Sa Mga Gastos Sa Plano Ng Medicare Sa Prescription Drug (De-resetang Gamot)

2008

# Mga Hangganan sa Kita at Pera O Ari-arian

Nagtutulungan ang Social Security at Centers for Medicare & Medicaid Services upang maikuha ka ng karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa de-resetang gamot. Kung mayroon kang limitadong kita at pera o ari-arian, maaaring makakuha ka ng tulong sa pagbayad ng iyong mga buwanang primyum, taunang deductible (maibabawas) at mga kabahaging bayad sa de-resetang gamot sa ilalim ng bagong programa ng Medicare sa de-resetang gamot na nagsimula noong ika-1 ng Enero 2006. Upang tiyakin kung maaaring karapat-dapat ka para sa karagdagang tulong na ito, kailangang malaman ng Social Security ang iyong kita at ang halaga ng iyong mga perang inipon(savings), mga pinuhunan(investments), at ari-arian(real estate,maliban sa iyong tahanan).

Ang pag-hain ng isang *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (*Pag-hain para sa Tulong sa Mga Gastos sa Plano ng Medicare sa De-resetang Gamot*) (Pormularyo SSA-1020) ay makakatulong sa Social Security na tiyakin kung ikaw ay maging-marapat. Ang karamihan ng mga katanungan sa pag-hain ay may-kinalaman sa mga hangganan sa kita at pera o ari-arian. Hindi hihingi ang Social Security ng kasulatan bilang katibayan sa impormasyong ibibigay mo, ngunit ikukumpara nito ang iyong impormasyon sa mga datos na makukuha sa ibang mga ahensiya na pederales.

## Ano ang mga hangganan sa kita?

Upang maging-marapat para sa karagdagang tulong sa mga gastos sa plano ng Medicare para sa de-resetang gamot, ang iyong taunang kita ay dapat hanggang $15,600 para sa isang tao ($21,000 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan).

Kahit na mas mataas ang iyong taunang kita, maaaring makakuha ka pa rin ng kaunting tulong. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang iyong kita ay maaaring mas mataas ay kung ikaw o ang iyong asawa ay:

- Nagbibigay-tulong sa ibang mga kamag-anak na nakatira sa tahanan mo;
- May mga kita mula sa trabaho; o
- Nakatira sa Alaska o Hawaii.

## Ano ang hindi ituturing na kita?

Hindi lahat ng mga pagbabayad na salapi ay ituturing na kita. Halimbawa, **hindi ituturing ng Social Security ang**:

- Tulong sa food stamp;
- Tulong sa enerhiya sa bahay:
- Tulong sa medikal na paggamot at mga gamot;
- Tulong sa pabahay;
- Tulong sa kalamidad;
- Mga kinitang pagbabayad na kredito sa income tax;
- Bayad-pinsala sa biktima; at
- Libreng pag-aaral(scholarship) at mga ipinagkaloob na pondo para sa edukasyon(education grant).

## Ano ang mga hangganan sa pera o ari-arian?

Upang makuha ang karagdagang tulong, ang iyong kabuuang pera o ari-arian ay dapat hanggang $11,990 para sa isang tao ($23,970 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan).

Kabilang sa pera o ari-arian ang halaga ng mga bagay na ari-arian mo. Ang ilang halimbawa ay:

- Mga bahay at lupa (maliban sa iyong pangunahing tirahan);
- Mga kuwenta sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga katibayan ng deposito(CD);
- Mga inimbak(stocks);
- Bonds, kabilang ang U.S. Savings Bonds;
- Mutual funds;
- Individual Retirement Accounts (IRAs); o
- Pera sa tahanan o sa ibang lugar.

(tingnan ang likod)

## Ano ang hindi ituturing na pera/ari-arian?

**Hindi namin ituturing ang:**

- Iyong pangunahing tirahan;
- Iyong mga personal na ari-arian;
- Iyong (mga) sasakyan;
- Ari-ariang hindi mo madaling maipapalit sa salapi, tulad ng alahas o mga muwebles;
- Ari-arian na kailangan mo upang sustentuhin ang sarili, tulad ng pinauupahang ari-arian o lupa na ginagamit mo upang magtanim ng makakain sa tahanan;
- Hindi pangnegosyong ari-arian na kinakailangan upang sustentuhin ang sarili;
- Hanggang $1,500 (o $3,000 kung ikaw ay may-asawa at magkasamang naninirahan) ng halaga ng mga patakarang kaseguraduhan ng buhay(life insurance policy)na mayroon ka;
- Mga libingan;
- Interes na kinita sa pera na balak mong gamitin para sa mga gastos sa panlibing;
- Ang ilang ibang perang hawak mo ay hindi namin bibilangin sa loob ng siyam na buwan, tulad ng:
  - —Mga Nakaraang Kabayaran ng Social Security o Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad);
  - —Tulong sa pabahay;
  - —Mga pagsasauli ng bayad(refunds)galing sa pederal na kitang pangbuwis at advances sa kinitang kredito sa kitang pangbuwis;
  - —Bayad-pinsala na natanggap mo bilang biktima ng krimen; at
  - —Tulong sa paglipat mula sa isang estado o lokal na pamahalaan.



## Paano kung wala sa akin ang lahat ng impormasyon?

Kahit na wala sa iyo ang lahat ng impormasyon o hindi mo mahanap ang mga kasulatan, dapat kang mag-hain para sa karagdagang tulong kung sa palagay mo'y ikaw ay maging-marapat. Makikipagtulungan kami sa iyo upang ipaliwanag ang impormasyong kailangan namin.

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa de-resetang gamot, tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) o bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov***.

Kung kailangan mo ng isang aplikasyon, tawagan ang Social Security, at hilingin ang *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs* (*Aplikasyon para sa Tulong sa Mga Gastos sa Plano ng Medicare sa De-resetang Gamot*) (SSA-1020). Maaari ka ring mag-hain nang online sa ***www.socialsecurity.gov***.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot at sa mga espesyal na panahon para sa ppagpapatala(enrollment), tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**); TTY **1-877-486-2048**) o bisitahin ang ***www.medicare.gov***. Masasabi rin sa iyo ng Medicare ang mga ahensiya sa iyong lugar na makakatulong sa iyo sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10115-TL
Getting Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs Income And Resource Limits
June 2008